

# PROLOGUE

“Sigurado ka na ba diyan sa plano mo? One hundred and one percent?”

Dahan-dahang ibinaba ni Silver ang suklay at hair wax saka iniarko ang kilay sa best friend niyang si Robot—na Roberto ang pangalan sa totoong buhay. Minsan talaga, hindi niya maintindihan ang prinsipyo nito at ang papel nito sa buhay niya, to think na sampung taon na silang magkabarkada.

“Robot, ’yung totoo, Pare, ayaw mo talagang manligaw ako sa kapatid mo? Tama ba ako?”

Bumuntong-hininga ito at sumalampak sa pang-isahang couch na siyang tanging mauupuan sa loob ng kanyang kuwarto. Hindi man nito sabihin, nahihirapan itong payagan siyang umakyat ng ligaw sa nag-iisa nitong kapatid.

“Hindi naman sa ganoon, Pare, pero kasi—”

Iiling-iling na umupo siya sa ibabaw ng malaking speaker para magkakarap sila ni Robot at hinawakan ang balikat nito.

“Pare, tinamaan talaga ako, eh. Kung marerendahan lang ang paglalandi ng puso ko, tinigilan ko na ’yang kapatid mo. Kung puwede lang pumili, eh. Pero, Bro, iba ’to. Magtiwala ka lang, ha?”

Umasim ang mukha nito sa narinig mula sa kanya. Halatang nandidiri. Si Silver din siguro ay mandidiri kung siya ang may kapatid na gusto nitong ligawan, at dito nanggaling ang mga katagang binitiwang niya.

*Pero may magagawa ka pa ba pag nadale ka na ng pag-ibig?*

“Tangna, Pare, alam mo na mangyayari sa ‘yo pag ginago mo si Rowhilmenia, ha?”

Hayun na naman ang nananakot nitong boses na talaga namang kinatatakutan niya, pero hindi niya sinasabi rito.

“Pare, manliligaw pa nga lang ako. Hindi ko pa nga alam kung sasagutin ako. Unless, may alam ka na di ko alam?” aniya sa nanunudyong tono.

Aba, malay niya ba kung may sinasabi si Rowi sa kuya nito tungkol sa mga crushes nito? Tatal, dadalawang magkapatid ang mga ito.

“Asa ka, Bro. At kung meron man, hindi ko sasabihin sa ‘yo.”

“Pero, Bro, kinakabahan ako.”

“Kabahan ka na talaga. Hindi pa naman basta-bastang babae si Rowi. Sa sampung taong pagkakaibigan natin, alam mo na dapat ‘yan.”